DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF SARANGANI
RELEASED
RECORDS UNIT
JIP
2025.07.31
21:04:11
+08'00'

30 Jul 2025

**DIVISION MEMORANDUM**
No. **118** , s. 2025

**PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Para sa : Tagamasid-Pampurok/Punongguro na Nakatalaga
Tagpamahala ng mga Pampubliko at
Pribadong Paaralan sa Sekondarya at Elementarya
Guro sa Filipino
Lahat ng may kinalaman

1. Alinsunod sa Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, Buwan ng Wikang Pambansa ay ipinagdiriwang tuwing Agosto 1-31 ng bawat taon. Sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), ang tema sa pagdiriwang ng Buwan ng wikang Pambansa 2025 ay **"Paglinang sa Filipino at katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa".**

2. Layunin ng Buwan ng Wika 2025 ang sumusunod:
   a. mailahad ang kahalagahan ng Wikang Filipino at mga katutubong wika bilang mahalagang bahagi ng pambansang identidad at kasaysayan ng pagkakaisa ng mga Pilipino
   b. mahikayat ang paggamit, pagpapayabong, at pagpapahalaga sa Filipino at katutubong wika sa iba't ibang laranganng buhay tulad ng edukasyon, pamahalaan, midya, at pang-araw-araw na komunikasyon;
   c. malalim ang pag-unawa ng mga mamamayansa papel ng wika sa pagtaguyod ng pambansang pagkakaisa, kultura, at kasarian;
   d. maitampok ang ambag ng wika sa kasaysayan ng bansa, mula sa panahon ng pananakop hanggang sda kasalukuyang hamon ng globalisasyon;
   e. maganyak ang mga mamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Sa pagsasagawa ng mga gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) No. 9, s. 2005 (Instituting Measures to Increase Engaged Time-on Task and Ensuring Compliance Therewith) na hindi ito makaabala sa regular na klase alinsunod sa DO 66, s. 2017 (Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities) kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity.

4. Kaugnay ditto hinihikayat ang lahat sa pagsuot ng **Katutubong Kasuotan/Filipiniana** tuwing araw ng Lunes sa buong buwan ng Agosto 2025, bilang tanda ng ating pagkamakabayan at paggunita sa ng Buwan ng Wika.

5. Para sa mga katanungan o paglilinaw maaring makipag-ugnayan kay Gng. Analiza A. Domingo sa telepono bilang 09173129353.

6. Maaring magamit na pondo sa gawaing may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ay ang lokal na pondo, pondo ng organisasyon, at iba pang pondo kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

7, Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

Digitally signed by Estacio Ruth Laroscain
Adobe Acrobat version: 2023.008.20470

**RUTH L. ESTACIO PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

Encl.: As stated
Reference: As stated
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS

JBA/CID/DM – pansangay na pagdiriwang ng buwan ng wikang pambansa 2025
0680/July 30, 2025